# Aktibidad sa Pag-aaral 1: Pagninilay at Personal na Paghahayag

Ano ang natutuhan mo tungkol sa pagtanggap ng paghahayag sa iyong buhay? Sa unang bahagi ng Helaman 10, nalaman natin ang tungkol sa isang karanasan ni Nephi kung saan tumanggap siya ng paghahayag at kapangyarihan mula sa Diyos. Itinuturo sa atin ng halimbawa ni Nephi kung paano natin mapagbubuti ang ating kakayahang tumanggap at makahiwatig ng paghahayag mula sa Panginoon.

Basahin ang Helaman 10:1–3, at alamin kung ano ang dahilan kaya nakatanggap si Nephi ng paghahayag mula sa Panginoon.

Pansinin ang salitang *pagbubulay-bulay* sa talata 2 at 3. Maaari mong markahan ang salitang ito sa iyong mga banal na kasulatan.

Ang isang katotohanan na matututuhan natin mula sa mga talatang ito ay ang pagbubulay-bulay sa mga bagay ng Panginoon ay naghahanda sa atin na tumanggap ng paghahayag.

- Paano mo ipaliliwanag ang pagbubulay-bulay sa isang taong hindi sigurado kung ano ito?
- Bakit maaaring makatulong sa atin ang pagbubulay-bulay para makatanggap tayo ng paghahayag?

Itinuro ni Pangulong M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol:



> Mahalagang mapanatag at makinig at sundin ang Espiritu. Napakarami lang gumagambala sa atin na umaagaw sa ating pansin, na mas matindi kaysa noon.
>
> Kailangan ng bawat isa na magnilay at mag-isip na mabuti. Maging ang Tagapagligtas ng mundo, noong Kanyang ministeryo sa lupa, ay humanap ng panahong gawin ito. (M. Russell Ballard, "Mapanatag at Malaman na Ako ang Diyos" [Church Educational System devotional para sa mga young adult, Mayo 4, 2014], broadcasts.ChurchofJesusChrist.org)

- Ano ang ilan sa mga hadlang na maaaring magpahirap na pagbulayan o pagnilayan ang mga espirituwal na bagay?
- Ano ang ilan sa "mga bagay ng Panginoon" na maaari mong pagbulayan o pagnilayan?
- Ano ang mga karanasan mo o mga karanasang alam mo kung saan ang pagbubulay-bulay o pagninilay ay humantong sa pagtanggap ng paghahayag?

Mag-isip ng isang mithiin na magagawa mo para maipamuhay ang katotohanang ito. Maaari mong isulat sa iyong study journal ang mithiin mo.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD60013873_893_363-teacher_handout-1